ELEKTRIKOOPNEWS

# THE RADIANT

4TH QUARTER ISSUE • OCTOBER-DECEMBER 2025

THE OFFICIAL PUBLICATION OF CAGAYAN II ELECTRIC COOPERATIVE, INC.

# MAGBIGAY NG LIWANAG, MAGBIGAY NG PAG-ASA!





**Sa inistiyatibo ng CAGELCO II na "Share-A-Light" Program ay nabigyan ng libreng pailaw ang 195 na pamilyang kabilang sa marginalized sector mula sa apat na bayan na nasasakupan ng Kooperatiba.**

45 na pamilya mula sa Buguey, Cagayan at 150 naman mula sa mga bayan ng Pamplona, Sanchez Mira, Claveria at Sta. Praxedes, Cagayan ang napailawan ng libre ang kabahayan. Naisakatuparan ito dahil sa pagtutulungan ng CAGELCO II at nasabing mga lokal na pamahalaan.

Upang ipagdiwang ang tagumpay na ito, nagsagawa ang CAGELCO II ng ceremonial switch on ceremony on noong ika-23 ng Oktubre sa Barangay Minanga Este, Buguey, Cagayan na dinaluhan ni Buguey Mayor Hon. Licerio Millare-Antiporda at noong ika-28 ng Oktubre sa CAGELCO II Sanchez Mira Sub-Office, Sanchez Mira, Cagayan na dinaluhan naman ni Sanchez Mira Mayor Hon. Abraham B. Bagasin, LGU Claveria Sangguniang Bayan Member Hon. Jojit Calasag at LGU Sta. Praxedes Sangguniang Bayan Member Edgardo Aguino na pare-parehong PAGE 3





# MCO APPRECIATION WEEK – PASASALAMAT, HANDOG PARA SA MCOS!

**October 1, 2025 - Nabigyan ng kasiyahan ang mga nanalong Member-Consumer-Owners ng CAGELCO II sa ginanap na MCO Appreciation Week mula Setyembre 24-30, 2025 na pinamagatang "Pasasalamat Hatid sa Bawat MCO", na parte ng pagdiriwang ng ika-47 na anibersaryo ng Kooperatiba sa buong buwan ng Setyembre.**




Portable rechargeable work lights, coffee mugs, market ecobags, string bags at nasa kabuuang Php100,000.00 na cash ang naipamigay na papremyo sa mga MCO na nagbayad ng maaga sa mga Sub-Offices, Action Centers at Sit-In Collection sites ng Kooperatiba.

Kinagiliwan din ng mga MCOs ang kanilang pagka-panalo gamit ang mala peryang palaro tulad ng "Spin & Win" at "Drop the Ball".

Pinangunahan ni CAGELCO II General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento ang aktibidad na ito kasama ang mga Board of Directors upang personal na maipahatid ang pasasalamat ng Kooperatiba sa patuloy na suporta ng mga Member-Consumer-Owners nito.













## MAGBIGAY NG LIWANAG, MAGBIGAY NG PAG-ASA!

PAGE 1

nagpahayag ng kanilang lubos na pasasalamat sa tulong ng kooperatiba sa kani-kanilang nasasakupan.

Mula naman sa hanay ng CAGELCO II ay pinangunahan ang seremonya ni CAGELCO II General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento, CAGELCO II Board of Directors sa pangunguna ni Dir. Elizabeth B. Suarez na nirepresenta si CAGELCO II BOD President Marilyn B. Donato at Dir. Elina S. Taloza, kasama ang ilang CAGELCO II Management Staff at empleyado.

Sa taong 2025 ay nasa 675 ang kabuuang bilang ng nai-target na benepisyaryo ng CAGELCO II Share-A-Light Program mula sa siyam (9) na distrito sa coverage area ng CAGELCO II.












# BAGONG CAGELCO II SANCHEZ MIRA SUB-OFFICE, BUKAS NA!

**Simula Oktubre 29, 2025 ay opisyal nang binuksan sa publiko ang mas malaking CAGELCO II Sanchez Mira Sub-Office na nakatayo sa Centro 2, Sanchez Mira, Cagayan. Layunin nitong magbigyan ng mas magandang serbisyo ang mga Member-Consumer-Owners ng Pamplona at Sanchez Mira, Cagayan.**

Pinasinayaan ang bagong tanggapan noong ika-28 ng Oktubre na dinaluhan ni Cagayan 2nd District Board Member Hon. Randy Ursulum; DPWH representative, Engr. Genevieve Dela Cruz; CAGELCO II General Manager Rudolph Q. Adviento at CAGELCO II Board of Directors na pinangunahan ni Board Vice President Dir. Elizabeth B. Suarez na nirepresenta si CAGELCO II BOD President Marilyn B. Donato.

Lubos na pasasalamat ang ipinapaabot ng CAGELCO II kay Congresswoman Baby Aline Vargas-Alfonso para sa taos-pusong pagbibigay ng pondo para maipatayo ang gusaling ito.

Nakatayo ang bagong tanggapan sa likod ng lumang Sanchez Mira Sub-Office at Sanchez Mira Substation.











# CAGELCO II BREAKS GROUND FOR NEW CAGELCO II TUCALANA ACTION CENTER








**CAGELCO II Tucalana Action Center is soon to rise in Tucalana, Lal-lo, Cagayan as the latest satellite office of the Cooperative marked through a ground breaking ceremony conducted by CAGELCO II together with the Local Government Unit of Lal-lo on November 21, 2025.**

The activity was attended by Hon. Maria Olivia B. Pascual, Vice Mayor of Lal-lo representing Mayor Hon. Florence Oliver B. Pascual, Tucalana Barangay Captain Gil Garcia, CAGELCO II General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento and the CAGELCO II Board of Directors, headed by Board Vice President Dir. Elizabeth B. Suarez who represented CAGELCO II BOD President Marilyn B. Donato.

The construction of the Tucalana Action Center is part of CAGELCO II's continuing efforts to expand its reach and further enhance service accessibility for Member-Consumer-Owners in Lal-lo and its neighboring municipalities.

At present, CAGELCO II operates its Action Center in a rented office space in Bagumbayan, Lal-lo. The establishment of a permanent facility in Tucalana reflects the Cooperative's continued commitment to delivering improved and more responsive services to its MCOs.

# MCOO MUNICIPAL-WIDE OFFICERS, NAGTIPON PARA SA 4TH QUARTER MEETING AT YEAR-END FELLOWSHIP

**Dumalo at nagsama-sama ang mga Municipal Wide Member-Consumer-Owners Organization (MCOO) Officers ng CAGELCO II para sa kanilang 4th Quarter Meeting at Year-End Fellowship noong Disyembre 11, 2025 na ginanap sa CAGELCO II Multi-Purpose Gymnasium, Macanaya, Aparri, Cagayan.**




Sa pagpupulong, tinalakay ni General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento ang Year-In-Review na naglalaman ng mga matagumpay na programang naisagawa dahil sa pakikipagtulungan ng mga MCOO Officers sa Kooperatiba at pinresenta din ang ang kabuuang performance ng CAGELCO II para sa taong 2025.

Sa kanyang mensahe ay nagpa-abot naman ng pasasalamat si Ms. Kristine T. Basquez, CAGELCO II Institutional Services Department Manager, sa patuloy na suporta ng mga MCO Organization Officers upang maisakatuparan ang mga ito.

Nagbigay rin ng mensahe si CAGELCO II MCOO Federation Wide President, Dr. Roselily E. Padre, na sinigurado ang patuloy na suporta ng MCOO sa Kooperatiba at nagpasalamat sa pagkakataong mabigyan ng kasiyahan ang mga MCOO sa munting pagtitipon.

Sa mensahe naman mula kay Director Elizabeth B. Suarez, CAGELCO II Board Vice President na ipinarating ni BOD Secretary Director Elina S. Taloza ay pinasalamatan ng Board of Directors ang dedikasyon at patuloy na pakikiisa ng mga MCOO Officers sa kanilang tungkulin. Hinimok rin sila na ipagpatuloy ang kanilang aktibong suporta, lalo't mahalaga ang kanilang papel sa pagpapatatag ng tiwala at pakikipag-ugnayan sa mga MCOs. Nakiisa din ang mga miyembro ng CAGELCO II Board of Directors, kasama ang CAGELCO II Management sa okasyong ito.

Matapos ang pagpupulong, nagkaroon ng palaro, raffle give-away at nagpamigay ng simpleng token of appreciation para sa lahat ng MCOO Officers.












# CAGELCO II DEPLOYS TASKFORCE TO ASSIST ECS SEVERELY HIT BY ST "UWAN"

**Cagayan II Electric Cooperative, Inc. deployed Task Force-Kapatid Teams to three Electric Cooperatives in Nueva Vizcaya, Isabela and Quirino on November, 2025 to aid in power restoration efforts after Super Typhoon "Uwan" caused widespread power interruptions in the region.**

The first CAGELCO II team was dispatched on November 12 to assist Nueva Vizcaya Electric Cooperative (NUVELCO), followed by another deployment on November 14 to Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO I). A third contingent was sent on November 20 to support Quirino Electric Cooperative (QUIRELCO) where widespread outages affected numerous consumers.

CAGELCO II's Task Force-Kapatid was composed of Linemen Jammysol Tibuc (Team Leader), Jarvis Bernardo (Team Leader), Jose Maria Cardenas, Jerome Rambuyon, Dominic Agoto, Brevidier Bunuen, and Raymond Paa who worked alongside other Task Force Kapatid Teams from neighboring Electric Cooperatives, repairing damaged distribution lines and restoring electricity in heavily affected communities.

Taskforce Kapatid is organized through the National Electrification Administration (NEA), Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA), in partnership with the 1-EC Network Foundation and Electric Cooperatives nationwide.

This initiative mobilizes personnel and equipment to ensure faster power restoration in areas impacted by natural disasters and other major disruptions.

Through this assistance, CAGELCO II reaffirmed its commitment to solidarity and service, underscoring the cooperative spirit among electric cooperatives in times of crisis.

# CHARGED FOR SUCCESS: CAGELCO II LTC GRADUATES SHINE BRIGHT

**After a month-long rigorous training, 35 gentlemen successfully completed the CAGELCO II Line Workers' Training Course (LTC) which equipped them with essential technical skills and knowledge required to perform the demanding duties of a professional Line Worker.**

The program which started in October 6, 2025 covered lectures on specifications and drawings for Distribution Line Construction and Pole exercises which included mastery in Pole Climbing, Material Identification, Insulator Tying, Conductor riding and Knot-tying led by CAGELCO II's Master Trainer Engr. Elmer P. Francisco and Assistant Trainer Engr. Efren P. Loretcha.

PAGE 8












## CHARGED FOR SUCCESS...

PAGE 7

The graduates were also equipped with basic competencies and knowledge on the Electric Power Industry and Electric Cooperative operations. Likewise, they were educated on the importance of team building and fostering a respectful workplace, occupational safety and health including lectures on Computer operations, Networking and Fiber Optic Maintenance delivered by CAGELCO II employees- ISD Manager Kristine T. Basquez, Chief HRDA Odessa Mae A. Guillano, HR Officer Glorina M. Pagaduan, Area Manager Engr. Nathaniel L. Reyes, and MIS Head Leonard A. Sandoval.

Meanwhile, part of the core competencies covered lectures with actual application on Secondary Lines, Distribution Transformers, Service Dropping and kilowatt-hour meters which were discussed by CAGELCO II Special Equipment Section Head Engr. Paul Christian Olangco, while Electrical Safety and Staking Sheet Reading were presented by CAGELCO II Transmission and Substation Division Chief Engr. Algeron R. Orquia and Engineering Division Chief Engr. Darwin R. Guimay, respectively.

The cooperative extended its heartfelt congratulations to all the completers and proudly recognized the Top 10 graduates who have demonstrated exceptional skills, dedication and perseverance throughout the duration of their training, distinguishing themselves as outstanding representatives of their batch.

**Top 10 Graduates:**

1. Canillo, Leonelle Abugan
2. Yadao, Vincent Bueno
3. Baligod, Vic Brian Pacurza
4. Tumabao, Guiller John Vargas
5. Agraan, Michael Gumarad
6. Talania, Mark Dave Ayon-ayon
7. Rubio, Andie Castillo, Jr.
8. Yosente, Warren Docil
9. Alilam, Rey Genova
10. Carlos, Jayboy Gudayan

The following graduates have also earned special citations for their exemplary performance and dedication:

**Best in Classroom Performance**
-Ibarra, Mark Paul Guimmayen
**Best in Field Performance**
- Canillo, Leonelle Abugan
**Best in Pole Climbing**
- Carlos, Jayboy Gudayan
**Best in Knot-Tying**
-Baligod, Vic Brian Pacurza
**Best in Conductor Riding**
- Baligod, Vic Brian Pacurza

In his closing message during the ceremony, TSD Manager Engr. Prosperido S. Ignacio, Jr. congratulated the 2025 LTC Batch "Masidlak" - a Visayan word which means "to shine brightly" as they shone brightly with their brilliance and skills, further adding that they will soon be the reason behind not just a brighter home but also a brighter future for the communities.

Their success not only marks a personal achievement but also strengthens the Cooperative's commitment to empowering communities through safe, reliable and sustainable electric service through competency and skill of future lineworkers.





# IBA'T-IBANG AKTIBIDAD, TAMPOK SA PAGDIRIWANG NG NATIONAL COOPERATIVE AT MENTAL HEALTH AWARENESS MONTH

## ZUMBA SESSION PARA SA KALUSUGAN

Oktubre 4, 2025 – Isang masayang Zumba Event na nilahukan ng mga empleyado ng CAGELCO II kasama ang mga Zumba enthusiasts sa bayan ng Aparri ang naging kick-off activity sa pagdiriwang ng National Cooperative and Mental Health Awareness Month sa buwan ng Oktubre.

Ito ay isa sa mga aktibidad ng CAGELCO II sa pangunguna ng Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA) bilang suporta ng Kooperatiba sa pagpapanatili ng malusog na pangangatawan at malusog na kaisipan.

Ang aktibong paglahok ng Aparri Zumba Ladies, Morning Zumba Ladies Dance Fitness Revolution Philippines at Aparri Zumba Dance Force na mga aktibong grupo ng Zumba enthusiasts ang nagbigay ng higit na tagumpay sa nasabing aktibidad.

Higit pa sa isang simpleng ehersisyo, ang Zumba session ay naging sandali ng pagkakaisa at kasiyahan sa pagitan ng mga MCO at mga empleyado.

















## FEEDING PROGRAM PARA SA MGA MAG-AARAL

October 15, 2025 - Namahagi ang CAGELCO II ng hot meals, chocolate drinks, dental kits at iba pa para sa mga mag-aaral ng Zimay Elementary School sa Aparri, Cagayan.

Ang CAGELCO II Management na pinangunahan ni General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento kasama sina District VI Director Elina S. Taloza at Member-Consumer-Owners Organization (MCOO) Federation-Wide President Dr. Roselily E. Padre ay naghatid ng saya at pagkaing masustansya para sa siyamnapu't-apat na mag-aaral.

Labis ang naging pasasalamat ng Officer-In-Charge ng nasabing paaralan na si Ms. Vina Victoria F. Abadilla, sa handog ng CAGELCO II para sa mga bata at pagpili sa Zimay Elementary School para sa Cooperative Social Responsibility Program ng Kooperatiba.

Higit pa sa serbisyong elektripikasyon, layunin din ng proyekto na itaguyod ang maayos na kalusugan para sa mga kabataan na isang daan para sa mas maunlad na pamayanan.

▶ PAGE 10

## IBA'T-IBANG AKTIBIDAD, TAMPOK SA PAGDIRIWANG...

PAGE 9





































### DONASYON NG MEDISINA SA BARANGAY at LIBRENG GUPIT PARA SA SENIOR CITIZENS

Namahagi ang Kooperatiba ng libreng gamot sa Brgy. Casili Norte, Camalaniugan, Cagayan noong ika-15 ng Oktubre na naglalayong makatulong sa mga residenteng walang agarang access sa mga gamot.

Kabilang sa mga pinamigay na mga medisina ay para sa sakit na high blood, diabetes, allergy, rheumatism, sakit ng tyan, ulo at sipon.

Kasamang namahagi ng mga ito si CAGELCO II General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento, District V Director Raymundo T. Castañeda at MCOO Federation-wide President Dr. Roselily E. Padre, kasama rin ang ibang empleyado ng Kooperatiba.

Libreng gupit naman ang naging handog ng Kooperatiba para sa mga Senior Citizens noong ika-16 ng Oktubre na isinagawa sa CAGELCO II Main Office sa Aparri, Cagayan. Nagsilbi itong "self-care treatment" na lubos na ikinatuwa ng mga lolo at lola mula Aparri, Cagayan.

### TALENTO NG EMPLEYADO, PINAMALAS SA SPOKEN POETRY, PHOTOGRAPHY CONTEST AT SPORTSFEST

Nagorganisa rin ang Kooperatiba ng Spoken Poetry at Photography Contest na pinamagatang "Art for Wellness: Promoting Mental Health Awareness" para sa mga empleyado ng Kooperatiba noong ika-17 ng Oktubre na sumentro pa rin sa usapin ukol sa kalusugang pangkaisipan.

Ginanap rin sa parehong araw ang pagtatapos ng inorganisang Sportsfest ng Kooperatiba para sa mga kawani nito na nagsimula sa buwan ng Agosto. Hindi lang ito paghihikayat na mapanatili ang malakas na pangangatawan ng mga empleyado, bagkus bilang isang outlet o nagsilbing pahinga ng mga kawani ng Kooperatiba upang mabawasan ang stress o burn-out sa araw-araw na pagtatrabaho.

# POWER RATES SA 4TH QUARTER NG 2025


**Sa huling kwarter ng 2025, nakapagtala ang CAGELCO II ng paggalaw sa singil ng kuryente - mula sa pagbaba sa buwan ng Oktubre, na sinundan ng pagtaas sa Nobyembre, hanggang sa muling pagbaba ng power rate sa katapusan ng taon.**

Para sa Residental Consumers, bumaba sa Php 10.3607 kada kWh ang power rate sa buwan ng Oktubre dahil sa pagbaba ng singil ng Generation Charge mula sa power suppliers bunsod ng pagkakaroon ng sapat na suplay ng kuryente at mababang demand mula sa mga consumers.

Sa pagdating naman ng buwan ng Nobyembre ay tumaas ito sa Php 11.0690 kada kWh dahil sa pagtaas ng Generation Charge at pati na rin ng Transmission charge na napupunta sa National Grid Corporation of the Philippines. Nakaapekto rin dito ang pagtaas ng Feed-in Tariff Allowance (FIT-ALL) Charge na sinisingil sa lahat ng consumers bilang pagsuporta sa pagpapaunlad ng renewable energy sources sa bansa na inire-remit sa National Transmission Corporation (TRANSCo).

Sa buwan naman ng Disyembre, nakaapekto ang pagbaba ng transmission charge mula sa NGCP kung saan umabot sa halagang Php 11.0178 kada kWh ang CAGELCO II power rate.

Samantala, nananatiling hindi nagbabago ang Distribution, Supply, at Metering (DSM) Charges na direktang napupunta sa CAGELCO II sa halagang Php 2.4034 kada kWh.



# CAGELCO II GROUNDS LIGHT UP IN GRAND CHRISTMAS DISPLAY








**The grounds of CAGELCO II came alive with bright and colorful displays as the Cooperative officially welcomed the holiday season with a grand Christmas lighting ceremony on December 3, 2025 at its headquarters in Macanya, Aparri, Cagayan.**

The festive event, highlighted by a fireworks display, marked the launch of "Paskuhan sa CAGELCO II" - a Christmas Decoration Contest featuring creative installations personally crafted by employees from various Departments and Sub-offices.

In her opening message, Institutional Services Department Manager Kristine T. Basquez emphasized that the revival of "Paskuhan sa CAGELCO II" not only strengthened teamwork among employees but also reflected the Cooperative's continuing mission as a provider of light while also honoring the true meaning of Christmas.

Each department presented a unique interpretation of the season. The Institutional Services Department showcased a Paskong Pinoy-themed installation, featuring traditional Filipino elements such as a symbolic Simbahan representing Simbang Gabi, vibrant parols, poinsettias and a creatively designed Christmas tree made from dyed water sealed in ice candy plastics.

Finance, Retail, and Supply Services Department delighted spectators with "The Jolly Giants' Christmas" highlighted by oversized ornaments, festive bells and a towering Christmas light centerpiece.

The joint team from the Office of the General Manager and Internal Audit presented a display carrying the message "Spread the Light and Love" with a life-sized Nativity scene serving as its centerpiece.

Technical Services Department crafted a charming Christmas Village using native nipa materials, complemented by Christmas trees made from white plastic bags - blending sustainability with holiday spirit.

Five Area Offices across the coverage area also joined the celebration under the Sub-Office Category namely Aparri, Magapit, Gonzaga, Libertad and Sanchez Mira Sub-Office. Each area office adorned both its interior and exterior spaces to spread holiday cheer among Member-Consumer-Owners.

In his message during the grand lighting, General Manager Engr. Rudolph Q. Adviento meaningfully remarked, "May we celebrate Christmas brightly this year, and may the service we extend to our Member-Consumer-Owners continue to shine as we move forward in fulfilling our mandate".

Winners of contest were announced on December 13, 2025 during the Cooperative's Christmas Party Celebration where the Institutional Services Department emerged as champion in the Main Office Category while the Gonzaga Sub-Office topped the Sub-Office Category.

Through the grand lighting ceremony and renewed Paskuhan tradition, CAGELCO II once again demonstrated that beyond powering homes and communities, it also kindles unity, creativity and the true spirit of Christmas.

THE RADIANT

**Editorial Staff**

**ENGR. RUDOLPH Q. ADVIENTO**
Executive Director
**KRISTINE T. BASQUEZ**
Editor-in-Chief
**PRINCESS B. PAUIG**
Managing Editor
**ANGELICA M. SAGUIGUIT**
**JAMAICA E. CALATA**
**KRIZZIA DALE A. VILLAFLOR**
Contributory Writers

**KRIEM-HILL BENEDICK G. SIRUNO**
**JIMMY A. SALVADORA, JR.**
Pictures

Printed by GOLDEN PRESS (078)844-1597
Across St. Peter's Cathedral, Tuguegarao City, 0917-578-0195